Supplemental Security Income (SSI)

2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Unawain ang Supplemental Security Income Ang Proseso ng Pag-apela



## PAANO APELAHIN ANG MGA PAGTITIYAK NG SOCIAL SECURITY

Nagtatag kami ng mga pamamaraan sa pag-apela para sa mga taong gustong mag-apela. Ang mga antas ng apela ay:

- rekonsiderasyon (muling pagsasaalang-alang)
- Administrative Law Judge Hearing (Pagdinig ng Huwes na Namamahala sa Administrative Law);
- Rebyu ng Appeals Council (Konseho ng Pag-apela);
- Pederal na Hukuman.

Ang mga pagtitiyak na aming ginagawa na maaaring mong apelahin ay tinatawag naming mga *pangunahing pagtitiyak*. Kabilang ngunit hindi natatakda sa mga pagtitiyak na ito ang:

- kung ikaw ay kwalipikado o hindi na tumanggap ng mga benepisyo sa SSI;
- ang halaga ng iyong benepisyo sa SSI; at
- katotohanang sumobra ang bayad sa iyo at ang halaga ng sobrang bayad at kung dapat mo itong isauli.

Dapat kang sumulat upang humiling ng apela **sa loob ng 60 araw** ng petsa ng pagtanggap mo ng abisong ito. Sasabihin sa iyo ng abiso kung paano mag-apela. Kung nag-apela ka **sa loob ng 10 araw**, ang iyong mga benepisyo sa SSI ay maaaring magpatuloy sa parehong halaga hanggang nakagawa kami ng pagtitiyak sa iyong apela. Sasabihin sa iyo ng abiso kung kwalipikado kang patuloy na tumanggap ng mga benepisyo.

Makipag-alam sa amin at maaari ka naming tulungan sa iyong apela.



Maaari kang magtakda ng isang kinatawan na kumilos para sa iyo sa aming proseso ng apela. Para sa impormasyon tungkol sa kung paano magtakda ng isang kinatawan, tingnan ang PAANO KA MATUTULUNGAN NG ISANG TAO SA IYONG SSI.

## PANGUNAHING PAGTITIYAK

Pagkatapos mong mag-file ng isang aplikasyon para sa mga benepisyo sa SSI, padadalhan ka namin sa koreo ng isang nakasulat na pagtitiyak. Ito ang iyong ***pangunahing pagtitiyak***. Tuwing magpapasiya kami tungkol sa iyong kwalipikasyon o halaga ng benepisyo pagkatapos noon — ito rin ay isang ***pangunahing pagtitiyak***.

## MGA HAKBANG SA PROSESO NG APELA

### 1. REKONSIDERASYON (MULING PAGSASAALANG-ALANG)

Kung hindi ka sumasang-ayon sa ***pangunahing pagtitiyak***, maaari kang humiling ng rekonsiderasyon sa pamamagitan ng pagsulat sa amin o pagkumpleto ng isang:

Form SSA–561 (Request for Consideration, Kahilingan para sa Rekonsiderasyon); o isang
Form SSA–789 (Disability Cessation Appeal, Apela ng Pagtigil ng Kapansanan).

Dapat hilingin mo o ng iyong kinatawan nang nakasulat ang rekonsiderasyon **sa loob ng 60 araw** ng petsa ng pagtanggap mo ng nakasulat na abiso ng pangunahing pagtitiyak. Kung humiling ka ng rekonsiderasyon **sa loob ng 10 araw**, ang anumang bayad na kasalukuyan naming ibinibigay ay magpapatuloy hanggang ginawa namin ang aming pagtitiyak, basta ang iyong kita at mga pag-aari ay hindi lampas sa aming mga limit.

Padadalhan ka namin ng abiso ng pagtitiyak sa rekonsiderasyon.

Kung inapelahan mo ang isang pagtigil ng kapansanan at gusto mong patuloy na tumanggap ng mga benepisyo hanggang nakapagpasiya kami, dapat kang sumulat ng kahilingan para sa pagpapatuloy ng benepisyo **sa loob ng 10 araw** ng petsa ng pagtanggap mo sa nakasulat na abiso. Ikaw ay karapat-dapat na magkaroon nang isang harapang pandinig sa isang opisyal sa pandinig ukol sa kapansanan.

Sa ilang mga Estado, gumagamit kami ng isang binagong proseso ng apela na maaaring pumalit sa hakbang ng rekonsiderasyon. Kung ikaw ay nasa isa sa mga Estadong ito, ang abiso ng aming pagtitiyak ay magbibigay sa iyo ng mga takdang tagubilin kung paano mag-apela.

## 2. PANDINIG

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagtitiyak sa rekonsiderasyon, ikaw o ang iyong kinatawan ay maaaring humiling ng isang pandinig sa harap ng isang Huwes ng Administrative Law sa pamamagitan ng pagsulat sa amin o sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang **Form HA–501** (Request for Hearing, Kahilingan para sa Pandinig). Tutulungan ka naming kumpletohin ang pormularyong ito:

Ikaw o ang iyong kinatawan ay dapat humiling ng isang pandinig sa loob ng 60 araw pagkatapos mo matanggap ang pagtitiyak sa rekonsiderasyon. Maaari mo o ng iyong kinatawan rebyuhin ang iyong file bago ng pandinig at maaari kayong magsumite ng bagong ebidensiya pagkatapos sa panahong iyon. Maaari mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng iyong mga benepisyo sa SSI kung inaapela mo ang isang pagtitiyak na ang iyong kapansanan ay nagtapos. Dapat kang sumulat upang hilingin na ipagpatuloy ang iyong mga benepisyo.

**Kung ayaw mong humarap sa huwes sa isang pandinig**, maaari mo o ng iyong kinatawan hilingin sa huwes na magpasiya batay sa ebidensiya sa iyong file.

**Kung gusto mo ng isang pandinig sa harap ng isang huwes**, mahalagang-mahalaga na humarap ka o ang iyong kinatawan nang personal sa nakaiskedyul na pandinig. Kung sa anumang dahilan ay hindi ka makapunta, makipag-alam sa huwes sa pinakamadaling panahon bago dumating ang petsa ng pandinig at ipaliwanag kung bakit. Kung hindi ka nagpunta sa nakaiskedyul na pandinig, maaari mong mawala ang iyong mga karapatang mag-apela at ang mga benepisyo.

Maaari ka naming bayaran para sa mga gastos sa transportasyon kung ang distansiya mula tahanan papunta sa pandinig ay **higit sa 75 milya one way.** Kung kailangan mo ng pera para sa gastos sa transportasyon, sabihin kaagad sa huwes bago ng pandinig.

Sa isang kaso ukol sa kapansanan, maaari ka ring hilingan ng huwes ng mga karagdagang medikal na iksamen o pagsusuri. Maaari kang humiling ng mga karagdagang medikal na iksamen o mga pagsusuri kung sa palagay mo'y kailangan mo ng karagdagang medikal na impormasyon. Ang huwes ang magpapasiya kung ibibigay ang iyong kahilingan.

Maaaring papuntahin ng huwes sa pandinig ang mga ibang saksi, tulad ng mga doktor. Maaari mong hilingin ang huwes na utusan ang ilang mga saksi na magpunta sa pandinig.

Habang isinasagawa ang pandinig, ipapaliwanag ng huwes ang iyong kaso at maaari niyang itanong ang anumang mga katanungan sa iyo at sa sinuman sa iyong mga saksi. Maaari mo rin itanong ang anumang mga katanungan sa sinumang mga saksi at maaari kang magpakita ng bagong ebidensiya.

Ang pandinig ay hindi pormal, ngunit nirerekord namin ito. Maaari kang humingi ng kopya ng tape o ng CD.

Ang huwes ay magpapadala sa iyo at sa iyong kinatawan ng kopya ng pagpapasiya sa pandinig.

## 3. APPEALS COUNCIL (KONSEHO NG PAG-APELA)

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapasiya ng huwes, ikaw o ang iyong kinatawan ay maaaring sumulat sa amin o magkumpleto ng **Form HA–520** (Request for Review of Hearing/Decision/Order, Kahilingan

upang Rebyuhin ang Pagpapasiya/Utos sa Pandinig) upang humiling ng apela at rebyu ng Appeals Council. Tutulungan ka naming kumpletohin ang pormularyong ito.

Ikaw o ang iyong kinatawan ay dapat humingi ng isang rebyu ng Appeals Council sa **loob ng 60 araw** matapos mo makuha ang pagpapasiya sa pandinig.

Ikaw o ang iyong kinatawan ay maaaring magsumite ng bagong ebidensiya.

Maingat na iiksaminin ng Appeals Council ang iyong kaso at tatanggapin, tatanggihan, o ipapawalang-saysay ang iyong kahilingan para sa rebyu. Kung tinanggap ng Appeals Council ang iyong kahilingan para sa rebyu, papagsiyahan nito ang iyong kaso o ibabalik nito ang kaso sa isang huwes para sa mga karagdagang aksyon, kung saan maaaring kabilang ang isa pang pandinig at isang bagong pagpapasiya.

Ang Appeals Council ay magpapadala sa iyo at sa iyong kinatawan ng kopya ng pagpapasiya nito, na magpapaliwanag sa aksyon na ginawa sa iyong kahilingan.

## 4. PEDERAL NA HUKUMAN

Kung hindi ka sang-ayon sa aksyon ng Appeals Council, maaari kang mag-file ng isang civil action sa U.S. District Court sa iyong lugar. Hindi ka namin matutulungan mag-file ng isang aksyon sa hukuman. Maigi ang makipag-alam sa isang abogado o isang legal aid na grupo na makakatulong sa iyo.

Dapat kang mag-file ng isang aksyon sa Pederal na hukuman sa **loob ng 60 araw** matapos mong matanggap ang abiso ng aksyon ng Appeals Council.

Rerebyuhin ng Pederal na Hukuman ang ebidensiya at ang mga naunang pagpapasiya, ngunit hindi sila magsasagawa ng isa pang pandinig.